# ABISO NG PAG-APROBA

LALAWIGAN NG

STATE OF CALIFORNIA
HEALTH AND HUMAN SERVICES AGENCY
CALIFORNIA DEPARTMENT OF SOCIAL SERVICES

Notice Date : ______________________
Pangalan ng Kaso : ______________________
Numero : ______________________
Pangalan ng Manggagawa : ______________________
Bilang : ______________________
Telepono: ______________________
Direksiyon: ______________________

(ADDRESSEE)

Mga Tanong? Tanungin ang iyong Manggagawa.

**Estadong Pandinig:** Kung sa iyong palagay na mali ang aksiyong ito, maaari kang humiling ng isang pagdinig. Sasabihin sa likod ng pahina na ito kung papaano. Ang iyong mga benepisyo ay maaaring hindi mabago kung ikaw ay hihiling ng pagdinig bago maisakatuparan ang aksiyong ito.

Ang iyong aplikasyon para sa Mga Selyong Pangpagkain ay naaprobahan. Ang iyong sertipikasyon ay sumasaklaw sa panahon mula______________________ hanggang_______________________.

Ginamit namin ang mga impormasyon na iyong ibinigay sa amin upang kwentahin ang iyong mga benepisyo. Kung walang nabago ikaw ay makakakuha ng:

$__________ para kay _________________________ para sa ____________ na tao.
$__________ para kay _________________________ para sa ____________ na tao.
$__________ para kay _________________________ para sa ____________ na tao.

**KUNG IKAW AY NAG-APLAY DIN PARA SA TULONG SA SALAPI**, at hindi pa ito naaprubahan, ang iyong mga benepisyo ng Selyong Pangpagkain ay maaaring babaan o matigil nang walang isa pang abiso kung ang iyong tulong sa salapi ay naaprubahan.

☐ Ang iyong karapatang mahirang sa Selyong Pangpagkain ay magsisimula sa parehong araw ng iyong tulong sa salapi.
☐ Ang iyong unang buwang mga benepisyo ay kinabibilangan nang higit kaysa sa isang buwang mga benepisyo dahil sa petsa nang maaprubahan ang iyong aplikasyon.
☐ Ang iyong unang buwang mga benepisyo ay prorata mula sa petsa ng iyong inihain ang aplikasyon.

Ang iyong mga benepisyo ay sero ($0) dahil:

☐ Ang kita ng iyong sambahayan ay masyadong mataas sa ngayon. Ang iyong mga benepisyo ay maaaring tumaas kung magbago ang mga bagay.
☐ Ang mga benepisyo ng iyong sambahayan para sa _________________________ ay suspendido dahil:

Kailangan mo pa rin punuan at ipadala ang iyong kumpletong buwanang ulat (CW 7) o ang sertipikasyon ng iyong Selyong Pangpagkain ay matitigil, kahit na ang iyong mga benepisyo ay sero. Alalahanin na iulat bawat buwan ang gastos para sa kalinga sa nananangan at sa tahanan at gastos medikal bawat buwan na magbago ang mga ito.

☐ **DAHIL KINAKAILANGAN MO AGAD NG SELYONG PANGPAGKAIN**, hindi ka namin kinailangan na bigyan kami ng sumusunod na beripikasyon:

Kailangan mong ibigay sa amin beripikasyon ito bago______________________ o ang iyong karapatang mahirang sa Selyong Pangpagkain ay matitigil. Ikaw ay hindi makakatanggap ng isa pang abiso. Kung ang beripikasyon na iyong ipinadala ay mababago ang iyong karapatang mahirang o mga benepisyo, gagawin namin ang pagbabago. Ikaw ay hindi makatatanggap ng paunang abiso bago namin gawin ang aksiyong ito.

Mga Komento

**Mga Alituntunin:** Tang mga alituntuning ito ay nalalapat. Maaari mong repasuhin ang mga ito sa iyong opisina ng kapakanang panlipunan.

## ANG IYONG MGA KARAPATAN SA PAGDINIG

**Mayroon kang karapatan na humingi ng isang pagdinig kung hindi ka sumasang-ayon sa anumang aksiyon ng lalawigan. Mayroon ka lamang 90 araw upang humingi ng isang pagdinig. Ang 90 araw ay nagsimula sa araw matapos ibigay o i-koreo sa iyo ng lalawigan ang paunawang ito.**

**Kung hihiling ka para sa isang pagdinig bago ang aksiyon sa Tulong Pinansiyal, Medi-Cal, Mga Selyong Pangpagkain, o maganap ang Pangangalaga sa Bata:**

- Ang iyong Tulong Pinansiyal o Medi-Cal ay mananatiling pareho habang ikaw ay naghihintay para sa isang pagdinig.
- Ang iyong Mga Serbisyo sa Pangangalaga sa Bata ay mananatiling pareho habang ikaw ay naghihintay para sa isang pagdinig.
- Ang iyong Mga Selyong Pangpagkain ay mananatiling pareho hanggat sa pagdinig o sa katapusan ng panahon ng iyong sertipikasyon, alinman ang mas maaga.

**Kung sinabi ng desisyon sa pagdinig na kami ay tama, magkakautang ka sa amin para sa anumang ekstrang Tulong Pinansiyal, Mga Selyong Pangpagkain o Mga Serbisyo sa Pangangalaga sa Bata na nakuha mo**. Upang hayaan kaming babaan o ihinto ang iyong mga benepisyo bago ang pagdinig, i-tsek sa ibaba:

Oo, babaan o ihinto ang: ☐ Tulong Pinansiyal ☐ Mga Selyong Pangpagkain
☐ Pangangalaga sa Bata

**Habang Ikaw ay Naghihintay para sa Desisyon sa Pagdinig para sa:**

**Tulong ng Pamahalaan sa Trabaho:**

Hindi mo kailangang makilahok sa mga gawain.

Maaari kang makatanggap ng mga bayad sa pangangalaga sa bata para sa pag-eempleyo at para sa mga gawain na inaprobahan ng lalawigan bago ang pauwanwang ito.

Kung sinabi namin sa iyo na ang iyong ibang mga bayad sa mga masuportang serbisyo ay ihihinto, ikaw ay hindi na kailanman makakakuha ng mga bayad, kahit na pumunta ka sa iyong gawain.

Kung sinabi namin sa iyo na babayaran namin ang iyong ibang mga masuportang serbisyo, babayaran ang mga sa halaga at sa paraan na sinabi namin sa iyo sa paunawang ito.

- Upang makuha ang mga masuportang serbiyong yaon, dapat kang pumunta sa gawain na sinabi sa iyo ng lalawigan na daluhan.
- Kung ang halaga ng mga masuportang serbisyo ay hindi sapat upang pahintulutan kang makilahok habang ikaw ay naghihintay para sa desisyon sa pagdinig, maaari kang huminto sa pagpunta sa gawain.

**Cal-Learn:**

- Ikaw ay hindi makakalahok sa Programang Cal-Learn kung sinabi namin sa iyo na hindi ka namin mapagsisilbihan.
- Magbabayad lamang kami para sa mga masuportang serbisyo ng Cal-Learn para sa aprobadong gawain.

### IBANG IMPORMASYON

**Mga Miyembro ng Pinangasiwaang Plano ng Pangangalaga ng Medi-Cal:** Ang aksiyon sa paunawang ito ay maaaring pumigil sa iyo sa pagkuha ng mga serbisyo mula sa iyong pinangasiwaang plano ng pangangalaga sa kalusugan. Maaari mong hilinging tawagan ang iyong mga serbisyo ng pagka-miyembro ng plano ng kalusugan kung ikaw ay mayroong mga tanong.

**Suporta sa Bata at/o Medikal:** Ang lokal na ahensiya ng suporta sa bata ay tutulong kumulekta ng suporta nang walang gastos kahit na ikaw ay wala sa tulong pinansiyal. Kung sila ngayon ay kumukulekta ng suporta para sa iyo, patuloy nilang gagawin ito maliban kung nakasulat na sabihin sa kanilang huminto. Ipadadala nila sa iyo ang kasalukuyang nakolektang pera ng suporta ngunit itatago ang dapat nang bayaran na nakulektang pera na inutang sa lalawigan.

**Pagpaplano ng Pamilya:** Ibibigay sa iyo ng iyong opisina ng pangkapakanan ang impormasyon kapag hiniling mo ito.

**Tipon ng Pagdinig:** Kung ikaw ay hihiling para sa isang pagdinig, ang Dibisyon ng Pagdinig ng Estado ay maghahanda ng isang tipon. Ikaw ay may karapatang makita ang tipong ito bago ang iyong pagdinig at upang makakuha ng kopya ng nakasulat na posisyon ng lalawigan sa iyong kaso kahit dalawang araw bago ang pagdinig. Maaaring ibigay ng esatado ang iyong tipon ng pagdinig sa Kagawaran ng Tulong ng Pamahalaan at ng Mga Kagawaran ng Kalusugan at Mga Serbisyong Pantao at Agrikultura ng U.S. **(Mga Seksiyong 10850 at 10950 ng Kodigong W&I.)**

## UPANG HUMILING NG ISANG PAGDINIG:

- **Punan ang pahinang ito.**
- Gumawa ng kopya ng harap at likod ng pahinang ito para sa iyong mga tala.
  Kung hihiling ka, ikukuha ka ng iyong manggagawa ng isang kopya ng pahinang ito.
- **Ipadala o kunin ang pahinang ito sa:**

**O**

- **Tumawag sa libreng tol: 1-800-952-5253 o** para sa may kapansanan sa pandinig o pananalita na gumagamit ng TDD, **1-800-952-8349**.

**Upang Makakuha ng Tulong: Ikaw ay maaaring magtanong tungkol sa iyong mga karapatan sa pagdinig o para sa sangguning legal na tulong sa libreng-tol na mga numero ng telepono ng estado na nakalista sa itaas.** Ikaw ay maaaring makakuha ng libreng tulong na legal sa iyong lokal na legal na tulong o opisina ng mga karapatan sa tulong ng pamahalaan.

**Kung hindi mo nais pumunta sa pagdinig nang magisa, maaari kang magsama ng isang kaibigan o isang tao na kasama mo.**

**HILING SA PAGDINIG**

Nais ko ng isang pagdinig dahil sa isang aksiyon ng Kagawaran ng Tulong ng Pamahalaan ng Lalawigan ng ______________________ tungkol sa aking:

☐ Tulong Pinansiyal ☐ Mga Selyong Pangpagkain ☐ Medi-Cal

☐ Iba (ilista)______________________________

**Narito kung bakit:** ______________________________

______________________________

______________________________

______________________________

______________________________

______________________________

☐ **Kung kailangan mo ng higit na espasyo, i-tsek dito at magdagdag ng isang pahina.**

☐ Kailangan ko ang estado na bigyan ako ng isang tagapagpaliwanag nang walang gastos sa akin.
(Hindi makakapagpaliwanag para sa iyo ang isang kamag-anak o kaibigan sa pagdinig.)

Ang aking wika o diyalekto ay:______________________

| | | |
|---|---|---|
| ANG PANGALAN NG TAO NA TINANGGIHAN, BINAGO O INIHINTO ANG MGA BENEPISYO | | |
| PETSA NG KAPANGANAKAN | NUMERO NG TELEPONO | |
| DIREKSIYON NG KALYE | | |
| SIYUDAD | ESTADO | KODIGO NG ZIP |
| LAGDA | PETSA | |
| PANGALAN NG TAONG KUMUKUMPLETO NG PORMULARYONG ITO | NUMERO NG TELEPONO | |

☐ **Nais kong kumatawan sa akin ang taong pinangalanan sa ibaba sa pagdinig na ito. Ibinibigay ko ang aking pahintulot para sa taong ito na makita ang aking mga tala o pumunta sa pagdinig para sa akin. (Ang taong ito ay maaaring isang kaibigan o kamag-anak ngunit hindi makakapagpaliwanag para sa iyo.)**

| | | |
|---|---|---|
| PANGALAN | NUMERO NG TELEPONO | |
| DIREKSIYON NG KALYE | | |
| SIYUDAD | ESTADO | KODIGO NG ZIP |